Tagalog

# Joy Through Covenant Discipleship

By Elder John A. McCune
*Of the Seventy*

# Kagalakan sa Pagiging Disipulo na Nakikipagtipan

Ni Elder John A. McCune
*Ng Pitumpu*

April 2025 general conference

*As we bind ourselves to act as covenant disciples, our relationship with the Father and Son is enriched, our joy enhanced, and our eternal perspective expanded.*

*Habang ibinibigkis natin ang ating sarili na magsikilos bilang mga disipulo na nakikipagtipan, ang ating ugnayan sa Ama at sa Anak ay yumayabong, ang ating kagalakan ay nadaragdagan, at ang ating walang hanggang pananaw ay lumalawak.*

One day in 2023, Uyanga Altansukh was at work in the northern Mongolian city of Darkhan when the Mongolian mission president entered her workplace. In her words:

Isang araw noong 2023, si Uyanga Altansukh ay nasa trabaho sa hilagang lungsod ng Mongolia na Darkhan nang pumasok ang Mongolian mission president sa kanyang pinagtatrabahuhan. Ayon sa kanyang mga salita:

"I saw him and thought he had this bright light in his countenance. He was very kind and fun to those around him, and I felt warmth. Before he left, I asked him some questions. A few days later, he came into my work again and asked if I could attend his church. I thought it might be helpful. I was worried for my children's future, as society seemed to be full of stress and darkness. I wanted my children to be like this man with a light in their countenance, spreading joy to others around them.

"Nakita ko siya at tila may liwanag na umiilaw sa kanyang mukha. Napakabait at napakapalabiro niya sa mga yaong nasa paligid niya, at kinagiliwan ko siya. Bago siya umalis, tinanong ko siya ng ilang mga bagay. Makalipas ang ilang araw, muli siyang pumunta sa pinagtatrabahuhan ko at nagtanong kung maaari akong dumalo sa kanyang simbahan. Naisip ko na baka makatulong ito. Nag-aalala ako para sa kinabukasan ng aking mga anak, sapagkat ang lipunan ay tila puno ng stress at kawalan ng pag-asa. Nais kong maging katulad ng lalaking ito ang aking mga anak na may liwanag sa kanilang mukha, nagbabahagi ng kagalakan sa ibang nakapaligid sa kanila.

"One day the missionaries taught us the law of tithing. My children said with excitement, 'We must pay our tithing, Mom.' I could see my children's faith at that moment. Before I joined the Church, I watched general conference and listened to President Russell M. Nelson speak. He announced new temples all over the world and said that a new temple would be built in Ulaanbaatar, Mongolia. I rejoiced and shed tears, even though I did not understand why. With this

"Isang araw, ang mga missionary ay nagturo sa amin tungkol sa batas ng ikapu. Sinabi ng aking mga anak nang may pananabik, 'Kailangan nating magbayad ng ating ikapu, Inay.' Nakita ko ang pananampalataya ng aking mga anak sa sandaling iyon. Bago ako sumapi sa Simbahan, ako ay nanood ng pangkalahatang kumperensiya at nakinig kay Pangulong Russell M. Nelson na magsalita. Siya ay nag-anunsiyo ng mga bagong templo sa iba't ibang panig ng mundo at nag-

joy, I could tell that my faith and testimony were growing."

Uyanga, like millions of others, is part of the great gathering of Israel in preparation for the Second Coming of Jesus Christ. She has begun her journey along the covenant path and has become a disciple of Christ. What does it mean to be a disciple of Christ? I appreciate the Japanese word for disciple—deshi—demeaning younger brother, andshimeaning child.

Jesus Christ declared, "I was in the beginning with the Father, and am the Firstborn."Because ofwhoHeisandwhatHe hasdone, we worship Him, we revere Him, we give glory to Him, and we follow Him. Christ has redeemed us,and we are forever grateful for His infinite and atoning sacrifice.

We have a Heavenly Father, who loves us as His children. His love for us is perfect. Jesus Christ and His mission illustrate God's love for us. As John wrote, "For God so loved the world, that he gave his only begotten Son, that whosoever believeth in him should not perish, but have everlasting life."

In our quest to understand what we do not know, we might sometimes rely on our familiar mortal experiences, or things wedoknow. For example, we can learn somewhat of God the Father through our own parenthood and mortal family relationships. However, we should be careful in applying these comparisons too far in our attempt to understand our Heavenly Father. The attributes of God the Father transcend any-less-than-perfectattributes of a fallen man. God the Father is the perfect Father. He is perfectly loving, kind, patient, and understanding and is perfectly glorious. We can trust Him perfectly. The love of Christ reflects the love of God the Father and is a representation of that love.

wikang magtatayo ng isang bagong templo sa Ulaanbaatar, Mongolia. Ako ay nagalak at naluha, bagaman hindi ko naunawaan kung bakit. Sa kagalakang ito, nasabi kong lumago ang aking pananampalataya at patotoo."

Si Uyanga, tulad ng milyun-milyong iba pa, ay bahagi ng dakilang pagtitipon ng Israel bilang paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Siya ay nagsimula sa kanyang paglalakbay sa landas ng tipan at naging isang disipulo ni Cristo. Ano ang ibig sabihin ng maging disipulo ni Cristo? Natutuwa ako sa salitang Hapones para sa disipulo—deshi—dena ang ibig sabihin ay mas nakababatang kapatid na lalaki, atshina ang ibig sabihin ay bata.

Ipinahayag ni Jesucristo, "Ako sa simula ay kasama ng Ama, at ako ang Panganay."Dahil sa kungsinoSiya, at kunganoangnagawaNiya, Siya ay sinasamba, pinagpipitagan, pinupuri, at sinusunod natin. Tinubos tayo ni Cristo,at walang hanggan tayong nagpapasalamat para sa Kanyang walang hanggan at nagbabayad-salang sakripisyo.

Mayroon tayong Ama sa Langit na nagmamahal sa atin bilang Kanyang mga anak. Ang Kanyang pagmamahal para sa atin ay perpekto. Ipinapakita ni Jesucristo at ng Kanyang misyon ang pagmamahal ng Diyos para sa atin. Tulad ng isinulat ni Juan, "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Sa ating pakikipagsapalaran upang maunawaan kung ano ang hindi natin alam, kung minsan ay maaaring umaasa tayo sa ating mga pamilyar na mortal na karanasan, o sa mga bagay na alamnanatin. Halimbawa, maaari tayong matuto nang bahagya tungkol sa Diyos Ama sa pamamagitan ng ating sariling pagiging magulang at mga mortal na ugnayan sa pamilya. Gayunpaman, kailangan nating maging maingat sa masyadong paggamit ng mga pagtutulad na ito sa ating pagtatangkang maunawaan ang ating Ama sa Langit. Ang mga katangian ng Diyos Ama ay nakahihigit sa anumanghindi perpektongkatangian ng isang taong nahulog. Ang Diyos Ama ang perpektong Ama. Siya ay ganap na mapagmahal, mabait, matiyaga, maunawain, at ganap na maluwalhati. Maaari natin Siyang ganap na pagkatiwalaan. Ang pagmamahal ni Cristo ay sumasalamin sa pagmamahal ng Diyos Ama at isang kinatawan ng pagmamahal na iyon.

Jesus Christ is both the example and the means.InChrist, we can understand better the perfect attributes of the Father and His plan. ThroughChrist, we are given the enabling power to overcome the tendencies of natural men and women so that we might become more like the Father.

Si Jesucristo ay kapwa ang halimbawa at paraan.KayCristo, mas mauunawaan natin ang mga perpektong katangian ng Ama at ang Kanyang plano.Sa pamamagitanni Cristo, binibigyan tayo ng nagtutulot na kapangyarihan upang madaig ang mga pagkahilig ng mga likas na lalaki at babae nang sa gayon ay maging higit na katulad tayo ng Ama.

Just like our Heavenly Father, Jesus Christ is perfectly merciful and just. These divine attributes of justice and mercy are not in opposition. They are complementary. Both justice and mercy illustrate God's perfect love for His children. We can trust God the Father and Jesus Christ because They are just and fair with all of us.

Tulad ng ating Ama sa Langit, si Jesucristo ay ganap na maawain at makatarungan. Ang mga banal na katangiang ito ng katarungan at awa ay hindi magkasalungat. Ang mga ito ay kumukumpleto sa isa't isa. Kapwa ipinapakita ng katarungan at awa ang perpektong pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Maaari tayong magtiwala sa Diyos Ama at kay Jesucristo dahil Sila ay makatarungan at patas sa ating lahat.

God the Father and His Son, Jesus Christ, are perfectly aligned in purpose and love. Because God and Jesus Christ love us, we are given the opportunity and privilege as true disciples to make covenants with Them. By our doing so, our relationship with Christ is expanded: "And now, because of the covenant which ye have made ye shall be called the children of Christ, his sons, and his daughters; for behold, this day he hath spiritually begotten you; for ye say that your hearts are changed through faith on his name; therefore, ye are born of him and have become his sons and his daughters."

Ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay perpektong magkaayon sa layunin at pagmamahal. Dahil mahal tayo ng Diyos at ni Jesucristo, binibigyan tayo ng oportunidad at pribilehiyo bilang mga tunay na disipulo na makipagtipan sa Kanila. Sa paggawa nito, lumalalim ang ating ugnayan kay Cristo, "At ngayon, dahil sa tipang inyong ginawa kayo ay tatawaging mga anak ni Cristo, mga anak niyang lalaki, at mga anak niyang babae; sapagkat masdan, sa araw na ito kayo ay kanyang espirituwal na isinilang; sapagkat sinasabi ninyo na ang inyong mga puso ay nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; anupa't kayo ay isinilang sa kanya at naging kanyang mga anak na lalaki at mga anak na babae."

As disciples, when we make and keep sacred covenants, we are blessed with spiritual power. We are connected to Christ and God the Father in a special relationship and can experience Their love and joy in a measure reserved for those who have made and kept covenants.Our ability to sense a full measure of God's love, or to continue in His love, is contingent upon our righteous desires and actions.

Bilang mga disipulo, kapag tayo ay gumagawa at tumutupad ng mga sagradong tipan, tayo ay pinagpapala ng espirituwal na kapangyarihan. Tayo ay konektado kay Cristo at sa Diyos Ama sa isang espesyal na ugnayan at maaaring makaranas ng Kanilang pagmamahal at kagalakan sa antas na nakalaan para sa mga yaong gumawa at tumupad ng mga tipan.Ang ating kakayahang madama ang buong pagmamahal ng Diyos, o manatili sa Kanyang pagmamahal, ay nakasalalay sa ating matutuwid na hangarin at kilos.

InJohn chapter 15, verse 9, we read, "As the Father hath loved me, so have I loved you." Andthenwe are given an invitation: "Continue ye in my love."

SaJuan kabanata 15, talata 9, mababasa natin, "Kung paanong minahal ako ng Ama, ay gayundin naman minamahal ko kayo." Atpagkataposay binibigyan tayo ng paanyaya: "Manatili kayo sa aking pagmamahal."

In thenext verse, we are given the way to continue in His love: "If ye keep my commandments, ye shall abide in my love; even as I have kept my

Sasumunod na talata, ibinigay sa atin ang daan para magpatuloy sa Kanyang pagmamahal: "Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay

Father's commandments, and abide in his love."

We then see the purpose of keeping the commandments inverse 11: "These things have I spoken unto you, that my joy might remain in you, and that your joy might be full."

Through true covenant discipleship, we can begin to understand better the nature of God and the joy that He wants all of His children to experience. We can also begin to understand some principles that at first might seem confusing. For example, how can God have a fulness of joy when some of His children are suffering so much? The answer lies in God's perfect perspective and in His perfect plan. He sees us from the beginning to our glorious potential future. He has provided a way, through His Son, Jesus Christ, for all of us, His children, to overcome the pains, suffering, sins, guilt, and loneliness of our mortality.God has provided for us the way and the choice.

Examples of those who have experienced joy through discipleship might help us to better understand this concept. Perhaps you have heard the phrase that we are only as happy as our most unhappy child. I have seen that this does not need to be the case. My 94-year-old mother has over 200 living descendants. At any given point, at least one of the 200 is going to be unhappy. If this statement were true, my mother would be in a perpetual state of unhappiness, which she isn't. Those who know her know how joyful she is.

I now would like to share another experience. In January of 2019, my wife, Debbie, and I were invited into the office of President Nelson. He had positioned a chair close to us, and we sat almost knee to knee. After extending to us our current calling, President Nelson turned to Debbie and focused on her. He was kind, loving, gentle, and full of joy, like the perfect father or grandfather. He held Debbie's hand and patted it, reassuring her that it would be OK and that our

mananatili kayo sa aking pag-ibig gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kanyang pag-ibig."

Pagkatapos ay makikita natin ang layunin ng pagtupad sa mga tipan satalata 11: "Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo upang ang aking kagalakan ay mapasainyo, at ang inyong kagalakan ay malubos."

Sa pamamagitan ng tunay na pagiging disipulo na nakikipagtipan, maaari nating masimulang mas maunawaan ang katangian ng Diyos at ang kagalakang nais Niyang maranasan ng lahat ng Kanyang anak. Maaari din nating masimulang maunawaan ang ilang mga alituntunin na sa una ay maaaring nakalilito. Halimbawa, paano nakadarama ang Diyos ng buong kagalakan gayong ang ilan sa Kanyang mga anak ay nagdurusa nang sobra? Ang sagot ay matatagpuan sa perpektong pananaw ng Diyos at sa Kanyang perpektong plano. Nakikita Niya tayo mula sa simula hanggang sa ating maluwalhating kinabukasan. Nagkaloob Siya ng paraan, sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, para sa ating lahat, na Kanyang mga anak, upang madaig ang mga sakit, pagdurusa, kasalanan, pagkakasala, at kalungkutan ng ating mortalidad.Ipinagkaloob ng Diyos sa atin ang paraan at ang pagpili.

Ang mga halimbawa ng mga yaong nakaranas ng kagalakan sa pagkadisipulo ay maaaring makatulong sa atin na mas maunawaan ang konseptong ito. Malamang narinig na ninyo ang kasabihang tayo ay kasinsaya lamang ng ating pinakamalungkot na anak. Nakita kong hindi kailangang ganito ang mangyari. Ang aking 94 taong gulang na ina ay may mahigit 200 buhay na mga inapo. Sa anumang partikular na panahon, may kahit isa sa 200 na hindi magiging masaya. Kung totoo ang kasabihang ito, ang aking ina ay patuloy na makadarama ng kalungkutan, na siyang hindi nangyayari. Alam ng mga yaong nakakikilala sa kanya kung gaano siya kamasayahin.

Ngayon ay gusto kong magbahagi ng isa pang karanasan. Noong Enero ng 2019, kami ng aking asawang si Debbie ay inanyayahan sa opisina ni Pangulong Nelson. Naglagay siya ng upuan malapit sa amin, at umupo kami nang halos nagdidikit na ang tuhod. Pagkatapos ialok sa amin ang kasalukuyan naming calling, si Pangulong Nelson ay bumaling kay Debbie at nagtuon sa kanya. Siya ay mabait, mapagmahal, malumanay, at puno ng kagalakan, tulad ng per-

family would be blessed. It seemed to us at that moment that we were the most important people to him and that he had all the time in the world for us. We left his office that Friday afternoon feeling reassured, loved, and joyful.

pektong ama o lolo. Hinawakan niya ang kamay ni Debbie at tinapik ito, nagbibigay-katiyakan na magiging maayos ang lahat at na ang aming pamilya ay pagpapalain. Tila sa sandaling iyon ay kami ang pinakamahahalagang tao sa kanya at nasa amin lamang ang kanyang buong atensyon. Umalis kami sa kanyang opisina noong Biyernes ng hapon na iyon na nakadama ng katiyakan, pagmamahal, at kagalakan.

On Monday we saw the news. During that same day that President Nelson had spent with us, one of his daughters had passed away from cancer. We were stunned. Our hearts were full as we mourned for him and his family. Our hearts were also full of gratitude for his Christlike attention to us while mourning for his daughter who was suffering.

Pagsapit ng Lunes, nakita namin ang balita. Sa araw ring iyon na iginugol ni Pangulong Nelson sa amin, ang isa sa kanyang mga anak na babae ay namatay sa kanser. Nagulat kami. Napuspos ang aming mga puso habang nagdadalamhati kami para sa kanya at sa kanyang pamilya. Ang aming mga puso ay napuspos din ng pasasalamat para sa kanyang atensiyon na tulad ng kay Cristo habang nagdadalamhati para sa kanyang anak na babae na nagdurusa.

As we pondered this experience, we asked ourselves, "How could he be so kind, loving, and even joyful at such a difficult time?" The answer is becausehe knows. He knows that Christ has been victorious. He knows he will be with his daughter again and will spend an eternity with her. Joy and eternal perspective come through being bound to the Savior by making and keeping covenants and through Christlike discipleship.

Habang pinagninilayan namin ang karanasang ito, tinanong namin ang aming sarili, "Paano niya nagawang maging mabait, mapagmahal, at masaya pa nga sa gayong napakahirap na panahon?" Ang sagot ay dahilalam niya. Alam niya na nagtagumpay si Cristo. Alam niya na makakasama niyang muli ang kanyang anak na babae at magkakasama sila nang walang hanggan. Ang kagalakan at walang hanggang pananaw ay nakakamtan sa pagkabigkis sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga tipan at sa pamamagitan ng pagkadisipulong tulad ng kay Cristo.

President Nelson has taught: "Just as the Savior offers peace that 'passeth all understanding' [Philippians 4:7], He also offers an intensity, depth, and breadth of joy that defy human logic or mortal comprehension. For example, it doesn't seem possible to feel joy when your child suffers with an incurable illness or when you lose your job or when your spouse betrays you. Yet that is precisely the joy the Savior offers."

Itinuro ni Pangulong Nelson: "Kung paanong nag-aalok ng kapayapaan ang Tagapagligtas na 'di masayod ng pagiisip' [Filipos 4:7], gayundin naman na nag-aalok Siya ng matindi, malalim, at malawak na kagalakan na hindi masayod ng isipan ng tao. Halimbawa, tila imposibleng magalak kapag may malubhang karamdaman ang anak mo o nawalan ka ng trabaho o nagtaksil ang asawa mo. Ngunit iyon mismo ang kagalakang iniaalok ng Tagapagligtas."

As we make and keep covenants, we will naturally turn outward and have a desire to help others feel the measure of joy and love we feel in our covenantal relationships. We can be part of the greatest cause on the earth today—the gathering of Israel.We can help to bring God's children to Christ. As the prophet Jacob taught, "And blessed art thou; for because ye have been diligent in laboring with me in my vineyard, and have kept my commandments, and have brought

Habang tayo ay gumagawa at tumutupad ng mga tipan, likas na mababaling ang ating pokus sa iba at magkakaroon tayo ng hangaring tulungan ang iba na madama ang antas ng kagalakan at pagmamahal na nadarama natin sa ating mga ugnayan na nabuo sa pamamagitan ng paggawa ng mga tipan. Maaari tayong maging bahagi ng pinakadakilang layunin sa mundo ngayon—ang pagtitipon ng Israel.Maaari tayong tumulong na madala ang mga anak ng Diyos kay Cristo. Tulad

unto me again the natural fruit, … ye shall have joy with me because of the fruit of my vineyard."

As we bind ourselves to act as covenant disciples, in whatever our level of capacity, our relationship with the Father and the Son is enriched, our joy enhanced, and our eternal perspective expanded. We then are endowed with power and can feel joy in a measure reserved for God's true covenant disciples.In the sacred name of Jesus Christ, amen.

ng itinuro ng propetang si Jacob, "At pinagpala kayo; sapagkat naging masigasig kayo sa paggawa na kasama ko sa aking olibohan, at sinunod ang aking mga kautusan, at naibalik muli sa akin ang likas na bunga, … magkakaroon kayo ng kagalakan kasama ko dahil sa bunga ng aking olibohan."

Habang ibinibigkis natin ang ating sarili na magsikilos bilang mga disipulo na nakikipagtipan, anuman ang ating antas ng kakayahan, ang ating ugnayan sa Ama at sa Anak ay yumayabong, ang ating kagalakan ay nadaragdagan, at ang ating walang hanggang pananaw ay lumalawak. Pagkatapos, tayo ay pinagkakalooban ng kapangyarihan at nakadarama ng antas ng kagalakan na nakalaan para sa mga tunay na disipulo ng Diyos na nakikipagtipan.Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen.